BAGONG BUHAY KAY CRISTO

Volume 3

Pamumuhay nang Magkakasama sa Isa't isa

Ito ang unang edisyon ng Bagung Buhay kay Cristo Volume 3. Layunin nitong makatulong sa pagbibigay ng matatag na basehan sa iyong Cristianong pamumuhay, lalo na sa bahagi ng pakikipag-ugnayan sa ibang mga mananampalataya.

Para sa karagdagang impormasyon mag email sa amin sa: info@nuevavidaencristo.org

Maaari kang mag download ng libreng kopya ng araling ito sa website: www.NewLifeDiscipleship.com

Ang lahat ng volumes ay magagamit sa Espanyol at Portuguese. Ang Volume 1 ay magagamit sa French, Ukrainian, Russian, Romanian, Swahili, German, Malgache (Madagascar) and Kinyarwanda (Rwanda).

Ito ay makukuha sa pormat na PDF na nangangailangan ng Adobe Reader (dating tinatawag na Adobe Acrobat). Kung nahihirapan kayong buksan ang aralin, siguraduhing may kopya kayo ng bagong Adobe Reader. Pwede itong ma download sa pinakabagong kopya ng Adobe Reader sa: http://www.addobe.com

Pinapahintulutan ang sinuman na gumawa ng mga kopya ng araling ito, sa kondisyon na ilalagay ang orihinal na pinagmulan nito at walang anumnag babaguhin sa mga nilalaman at format ng mga aralin.

Karapatang-sipi 2005, © Mark Robinson
Unang salin sa Tagalog 2018
Isinalin ni Ephraline M. Sanoy

Ginawa ni Mark Robinson:
Avant Ministries-Camino Global
10000 N Oak Trafficway, Kansas City, MO 64155 USA

June 21, 2019

Nilalaman

Gabay Sa Guro 4

Step 1 Ang mga "Isa't Isa" 6

Step 2 Magmahalan sa Isa't Isa 8

Step 3 Mga Patungkol pa sa Pag-ibig 10

Step 4 Magpalakasan sa Isa't Isa 12

Step 5 Maglingkuran sa Isa't Isa 14

Step 6 Magtiisan sa Isa't Isa 16

Step 7 Magpatawaran sa Isa't Isa 18

Step 8 Tanggapin ang Isa't Isa 20

Step 9 Magpangaralan sa Isa't Isa 22

Step 10 Magpaalalahanan sa Isa't Isa 24

Step 11 Magmagandang-loob sa Isa't Isa 26

Appendix 28

GABAY SA GURO

1. Binabati ka namin sa pagtanggap mo ng hamon na mag disciple ng mga bagong mananampalataya gamit ang Bagong Buhay kay Cristo bilang iyong patnubay. Ang resulta ng araling ito ay makakagawa ng mga pangwalang-hanggang bunga.

2. Hayaan mong ang Biblia ang maging kapangyarihan mo sa pagsagot sa mga katanungan. Ang mga mag-aaral ay dapat matutong tumingin sa mga talata sa Biblia at subukang sagutin ang mga tanong base sa sinasabi ng Biblia.
   May mga ibang bagong mananampalataya na kailangang bigyan ng gabay kung paano maghanap ng mga talata sa kanilang mga Biblia.

3. Ang araling ito ay maaaring gamitin sa iba't ibang paraan. Kadalasan, ito ay pinag-aaralan isang aralin sa isang linggo, upang mahimok ang mga mag-aaral na gawin lahat ang mga takdang aralin sa bawat aralin.

4. Sikaping huwag humaba ang pag-aaral. Matyagang maigi ang kakayahan ng mga mag-aaral na makinig.

5. Himukin ang mga mag-aaral na sagutin ang mga tanong sa sarili nilang mga salita. Iwasang kopyahin ang Biblia sa bawat salita nito. Ang pag-gamit ng kanilang sariling salita ay makakatulong sa kanila upang pag-isipan ang kahulugan ng mga talatang pinag-aaralan.

6. Iwasang mangaral. Gumamit ng mga tanong upang makita kung nauunawaan ng mga mag-aaral ang iyong tinuturo at upang magkaroon ng masiglang partisipasyon ang bawat isa sa pag-aaral.

7. Paghandaang mabuti ang bawat pag-aaral. Bilang guro, maging pamilyar ka sa bawat nilalaman at mga mahahalagang konsepto ng bawat aralin.

   Sa iyong paghahanda, ipanalangin mo ang iyong mga mag-aaral at ang iyong puso na maging handa sa iyong pagtuturo.

8. Subukan mo ang bawat mag-aaral na isipin ang praktical na implikasyon nito sa kanilang buhay. Tulungan silang unawain ang tiyak, praktikal na akma nito sa kanilang buhay.

   Bawat aralin ay may bahagi na minarkahan ng STOP. Ito ay ginawa upang bigyan ng panahon ang mga mag-aaral na huminto at pag-isipan ang implikasyon ng aralin sa kanilang buhay. Magbigay ng panahong magbulya-bulay sa bahaging ito.

   Ang mga takdang-aralin sa mga kahon sa gilid ng bawat aralin ay ginawa para sa layuning ito. Gamitin ito.

9. Tulungan ang mga mag-aaral na linanging makagawian ang pananalangin. Turuan sila sa pamamagitan ng pananalanging kasama sila.

10. Mahalagang maunawaan na ang discipleship ay higit pa sa pag-aaral ng mga aralin sa Bagong BUhay kay Cristo. Ang discipleship ay nagpapakita ng buhay na binago para sa mga alagad.

    Ang araling ito ay pasimulang gabay lang. Ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng patuloy na gabay sa kanilang pagnanais ng pagbabago sa kanilang pagkatao, paraan ng pag-iisip, mga gawi, at iba pa.

11. May buong pagpapahalaga na ang mga mag-aaral ay matututo ng mga gawi tulad ng araw-araw na pagbabasa ng Biblia, pananalangin, pagkakabisa ng mga talata.
    Sa pagsimula ng bawat pag-aaral, maglaan ng panahong magbalik-aral sa mga kinabisang talata at kamustahin sila sa araw-araw nilang pag-aaral ng Biblia. Huwag pagalitan ang mga mag-aaral kung hindi nila natapos ang mga takdang-aralin, ngunit himukin silang sikapin itong tapusin.

12. Maging sensitibo sa ginagawa ng Dios sa buhay ng mga mag-aaral. magbigay ng panahong sagutin kung may mga katanungan sila o tulungan sila sa mga problemang kinakaharap nila sa personal na buhay.

    Laging isaisip na may mga panahon na hindi posibleng daanan lahat ng mga tanong dahil sa kakulangan sa oras. Sa mga pagkakataong ganito pumili ng mga mahalagang pag-usapan.

"Gawin ninyo sa
inyong kapwa
ang gusto ninyong
gawin nila sa inyo."
Lukas 6:31



Step 1
Ang mga"Isa't isa"

TAMA o MALI

_____ *Kailangan nating itrato ang iba kung paano natin nais na itrato tayo.*

_____ *Hangga't wala akong nasasaktan, nagagawa ko ang lahat ng bagay na ninanais ng Dios na gawin ko.*

_____ *Ang mga cristiano ay pinananawagang mag suportahan sa isa't isa.*

GUMAGAWANG MAGKAKASAMA

May isang misyonero sa Africa na nakita nya kung paanong ang mga ketongin ay magtanim sa bukirin. Ang isa sa kanila ay walang kamay dahil kinain na ng ketong. Ang isa naman ay walang isang paa dahil sa sakit na iyon. Ang ketongin na walang isang kamay ay pinasan ang ketongin na walang paa. At ang isang ketongin na walang paa ay may hawak na sako ng mga butil at ito ay inihahagis nya sa lupa. Ang ketongin na may paa habang buhat ang isa ay binabaon ang mga binhi sa pamamagitan ng kanyang mga paa. Dahil sa kanilang pag-sasama sa kabila ng kanilang kakulangan ay nagawa nilang gawin ang isang trabaho ng kumpletong tao.

Nang tayo ay nakakilala kay Cristo, tayo ay nakabilang sa Kanyang katawan kasama ang mga kapatid natin sa Panginoon sa buong mundo. Ang iglesia ang bagong pamilya at grupo na sumusuporta sa ating paglago. Subalit katulad din sa pamilya, may panahon na tayo ay nag struggle na makisama sa isa't isa sapagkat tayo ay magkakaiba ng ugali. Paano tayo makakapamuhay ng may pagkakaisa sa gitna ng pagkakaiba-iba natin. Mapag-aaralan natin ang utos na ibinigay ng Dios upang tulungan tayong magkasundo sa isa't isa.



ANG GINTONG UTOS

1. Ang Lukas 6:31 ay naglalaman ng tinatawag nating "Gintong Aral" Isulat sa mga puwang ang sariling salin ng talatang ito.

   _____

   _____

2. Sa Lukas 6:27 naman ay tingnan natin kung ano ang ipinapahiwatig sa atin ng "gintong utos" na ito:

   Lukas 6:27 _____ ninyo ang inyong _____at gawan ng _____ ang mga _____ sa inyo.

   Lukas 6: 28 _____ ninyo ang mga _____ sa inyo. At _____ ninyo ang mga _____sa inyo.

   Ang pagsunod natin sa utos ni Cristo ay mas higit pa sa hindi pananakit ng iba. Ito ay nagtuturo sa atin na tratuhin natin ng mabuti ang mga taong nakakasakit sa atin, kung paano mo gustong ikaw ay itrato. Hindi tayo dapat nananakit ng iba subalit ang "gintong aral" ay nagtuturo sa atin na pakitunguhan sila ng may pag-ibig at kahabagan kahit na tayo ay kanilang nasasaktan..'

Ang simbolo ito ay naghuhudyat sa iyo na HUMINTO ka sandali: Mag -ukol ng panahong pag -isipan ang mga sumusunod:
Paano mo gustong pakitunguhan ka ng iba? Sa ganoong paraan mo din ba sila pinakikitunguhan?
Isipin mo sa nagdaang mga araw kung paano ka hindi nasiyahan sa naging kilos o reaksyon mo sa iba.
Ano ang pwede mong ginawa dapat para napakitunguhan mo siya ng maayos.?

PAANO TAYO MAGTUTURINGAN SA ISA'T ISA?

Maraming mga talata sa biblia na isinulat ang mga salitang "isa't isa" Bawat isa sa kanila ay nagpapaliwanag kung paano natin susundin ang "Gintong Utos" upang tayo ay makapamuhay ng may pagkakasundo sa isa't isa. Isulat sa mga puwang ang utos o mga utos na sinasabi sa bawat talata:

3. Marcos 9:50 _____

PAG-ISIPAN ITO

Sinabi minsan ni John F. Kennedy: "...huwag mong tanungin kung ano ang magagawa ng iyong bansa para sa iyo; tanungin mo kung ano ang magagawa mo para sa iyong bansa."

Isipin mo kung ano ang implikasyon nito sa iyong buhay kung sasabihin mo ito: "huwag mong tanungin kung ano ang magagawa ng ibang mga Cristiano para sa iyo; tanungin mo kung ano ang magagawa mo para sa kanila."

MAGLINGKOD SA IBA

Ano ang mga kaloob mayroon ako na makakatulong sa iba? Tanungin ang iyong pastor o isang malagong Cristiano upang mabigyan ka ng iba't ibang paraan upang makapaglingkod ka sa iyong iglesia.

LUMALAGONG MATATAG

Basahin
Galacia 1-6
at ang Tito
(isang kabanata bawat araw)

Kabisaduhin: Lukas 6:31.

"Gawin mo sa iba ang nais mong gawin nila sa iyo."

4. Juan 13:34 _____
5. Roma 14:13 _____

   Sa halip _____
6. Roma 12:15 _____

   at _____
7. Roma 15:1 _____
8. Roma 15:2 _____
9. Roma 15:7 _____
10. Roma 15:14 _____
11. Roma 16:16 _____
12. Galacia 5:13 _____
13. Galacia 5:26 _____
14. Galacia 6:2 _____
15. Efeso 4:2 _____
16. Colosas 3:13 _____
17. Colosas 3:16 _____
18. 1 Tesalonica 4:18 _____
19. 1 Tesalonica 5:11 _____ at _____
20. Hebreo 10:24-25 _____

    at _____
21. Santiago 5:16 _____ at _____
22. 1 Pedro 4:9 _____

Sa puntong ito, paano na tayo nakapamuhay bilang mga Cristiano? Tayo po ba ay nagmamalasakit lang sa ating paglago o pinagmamalasakitan din natin ang paglago ng iba?

_____

Sa scale ng 1 to 10 — 10 ang pinakamainam. Markahan mo ang iyong sarili kung paano mo nasusunod ang mga "pagkaka isa't isa" sa Biblia.
1 2 3 4 5 6 7 8 9 10

Pumili sa isa sa mga katangian na nabanggit sa lesson na ito na pwede mong isagawa ngayong linggong ito. Isulat kung ano ito? _____

Paano mo magagamit ang katangiang ito upang matulungan kang maka konekta sa ibang mga mananampalataya? Maging specific. _____

_____

_____

_____

Step 2
Magpalakasan sa Isa't isa

TAMA (T) o MALI (M)

_____ Ang mahalin ang kapwa mananampalataya ay nagpapakita sa mundo na ako ay tunay na anak ng Dios.

_____ Pwede kong mahalin ang Dios at kapootan o kainisan ang ibang tao.

_____ Ang tunay na pag-ibig ay makikita sa gawa hindi lang sa salita

MAHALIN ANG MGA KAPATID KAY CRISTO

Inutusan tayo ng Dios na mahalin natin ang lahat ng tao lalo na po ang mga kapatid natin kay Cristo. 1 Pedro 2:17. Bilang pamilya, tayo ay may responsibilidad na alagaan at suportahan ang isa't isa, Ang Iglesya ay dapat na maging kanlungan kung saan mararanasan natin ang pagkakaisa at ang pag-ibig na madalang makita sa mundo ngayon.

1. Bakit mahalaga na mahalin natin ang mga mananampalataya? Juan 13:34-35

   v. 34 _____

   v. 35 _____

   Ang mahalin ang isa't isa ay hindi lamang utos kundi ito ay parang uniform ng pagkakilanlan na tayo ay mga tagasunod ni Cristo. Ito ang nagsisilbing kaibahan natin sa mga taong hindi kumikilala kay Cristo.

2 Sino ang modelo natin pagdating sa pag-ibig? v. 34 _____.

STOP *Ang Roma 5:6-8 ay nagsasabing mahal tayo ng Dios, hindi dahil sa tayo ay karapat-dapat, kundi dahil sa Kanyang kagandahang-loob. Ang pag-ibig ang Kanyang tunay na likas (1 Juan 4:8). Ang pag-ibig ni Cristo ay nagpapahalaga sa iba, samanatalang ang makamundong pag-ibig ay makasarili, laging hinahanap, "ano ang mapapala ko dyan?" Isipin mo ang pagmamahal mo sa iyong mga kapatid kay Cristo; Matatawag mo ba itong hindi makasarili, o walang hinahanap na kapalit? Mas pinapahalagahan mo ba ang iba o mas mahalaga ang iyong sarili?*

3. Ang pag-ibig ay hindi lang maalab na damdamin sa isa't isa kundi ito ay nangangailangang ipakita sa gawa. Kung nais nating umibig kung paano umibig si Cristo ano ang kailangan nating gawin? Juan 15:10

   _____

4. Ang pag-ibig ay "spiritual thermometer". Ano ang masasabi natin sa mga taong nagsasabing siya ay Cristiano subalit siya ay namumuhi naman sa kanyang kapatid? 1 Juan 2:9-10 _____

5. I Juan 3:18 Huwag tayong umibig sa pamamagitan lang nang _____ kundi sa pamamagitan ng _____ at _____

   Ano ang kaibahan ng pag-ibig sa salita at sa gawa? _____

   _____

   May pagkakataon ba na nagkukunwari kang mahal mo ang iba pero hindi naman talaga? Ang mga sumusunod na katanungan ay makakatulong para sa iyo na maunawaan mo kung ano ang hinihingi ng tunay na pag-ibig

PAG-IBIG AT PAGSASAKRIPISYO

6. Paano natin dapat ipakita ang pag-ibig? 1 Juan 3:16 _____

   DIbig bang sabihin nito kailangang mamatay tayo para sa iba? _____

7. Ano ang halimbawa na ibinigay patungkol sa pag-alay ng buhay para sa iba? v.17 _____

   Ang ipagwalang bahala ang pangangailangan ng iba ay pagpapakita na wala talaga tayo ng pagmamahal na higit sa inaasahan natin.

LUMALAGONG MATATAG



Basahin Roma 12,
2 Juan, 3 Juan,
Judas y 2 Pedro 1-3
(isang chapter bawat araw)

Kabisaduhin
1 John 3:16

"Sa ganitong paraan ay nakilala natin ang pag-ibig ng Diyos sapagkat inialay na ni Jesus ang kaniyang buhay para sa atin. Kaya dapat din naman na ialay natin ang ating mga buhay para sa mga kapatiran."

PAG-ISIPAN ITO

Ang pag-ibig ay higit pa sa pagkakaroon ng mabuting pakikitungo sa iba. Ito ay may pag gawa ng mabuti, Ayon sa Mateo 5:42-48 pinasisikat ng Dios ang araw sa mga masasama at mababuti. Tinawag tayong mahalin natin ang ating mga kaaaway, ganun din ang ating mga kaibigan. Nangangahulugan ito na patawarin sila, ipanalangin sila, at pakitunguhan sila ng maayos tuwing may pagkakataon.

Pag-isipan kung ano ang mga kailangan mong gawin upang makipag-ayos sa mga taong nagawan mo o nakagawa sa yo ng hindi maganda. Tandaan ang pakikipagkasundo ay nangangailangan ng pagpapatawad at paghingi ng tawad

Balikan ang 2 aralin ng pagpapatawad sa Volume 2.

Isulat sa hiwalay na papel ang iyong gagawing plano.

Huwag magpatalo sa masama, sa halip, talunin mo ng mabuti ang masama. Roma 12:21

8. Magbigay ng iba pang paraan kung paano natin maiaalay ang ating buhay para sa iba. _____

   _____

   _____

9. Ang pangalawang kautusan ay nagsasabi: Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.Sino nga ba ang ating kapwa? Lukas 10:30-37.

   Sino sa talinghagang ito ang tunay na may pag-ibig sa kapwa? _____

   Paano mo nasabi? _____

10. Kahit na walang kinalaman ang mga pari at Levita sa pambubugbog, masasabi ba nating mas mabuti pa sila kaysa sa mga tulisan? Bakit? _____

    _____

    Kahit na ang hindi pagkakaintindihan ay hindi naman ganoon kasama, ito ay isa pa ring uri ng pang-aabuso sapagkat nagpapakita ito ng kakulangan sa pag-ibig sa iba. Kahit na ang Samaritano ay hindi nila ka-lugar, pinakitaan niya ng pagmamalasakit ang lalaking sugatan, Nauunawaan niya na ang kanyang "kapwa" ay ang sinumang nangangailangan na inilagay ng Diyos sa kanyang landas.

    May nag-buod ng mga saloobin ng mga tauhan sa talinghaga:

    - Tulisan: "Anuman ang sa iyo ay akin"
    - Pariseo at Levita: "Anuman ang sa amin ay sa amin lang."
    - Samaritano: "Anuman ang sa akin ay sa iyo."

STOP *Isipin mo paano ka nakikitungo sa iba. Isulat mo kung ano sa 3 saloobing ito ang nagpapakita ng iyong pakikitungo sa iyong:*

Pamilya _____

Katrabaho/Kamag-aral _____

Kapatiran sa Iglesia _____

PAANO KUNG HINDI KA TRATUHIN NG TAMA?

"Sinumang nagnanais gumawa ng mabuti ay hindi dapat umasa na walang hahadlang sa kanya, kundi tanggapin niya ito nang payapa kahit na may ilang humadlang sa kanya."[2]

11. Basahin Roma 12:17-21. Ano ang mga paraan na dapat nating gawin upang mapakita natin ang tunay na pag-ibig?

    v. 17 _____

    v. 18 _____

    v. 19 _____

    v. 21 _____

STOP *Mapagtatagumpayan natin ang kasamaan sa pamamagitan ng kabutihan. Paano ka naging matagumpay sa paggawa nito?* _____

_____

Kung sagot mo ay "hindi naman", sino sa tingin mo ang mga nagiging balakid para gawin mo ito? _____

_____

Ano ang mabuting pwede mong gawin sa linggong ito upang mapawi ang tensyon na namamagitan sa inyo? _____

_____



Step 3
Mga Patungkol pa sa Pag-ibig

TAMA (T) o MALI (M)

_____ Imbis na maprotektahan ang pag-ibig, ang pagseselos ay sinisira ito.

_____ Ang tunay na pag-ibig ay pinapalampas ang pagkakamali ng iba.

_____ Ang pagnanais na magkaroon ng mga bagay ay maaaring makasira sa kakayahan kong magkaroon ng mainam na relasyon sa iba.

ANG PAGSUKAT SA TUNAY NA PAG-IBIG

1. Ano ang pag-ibig? Isinalarawan ng 1 Corinto 13:4-7 ang tunay na pag-ibig, sa pagbibigay ng labing-limang katangian – pitong positibo at walong negatibo. Isulat ang mga ito:

   Ang Pag-ibig ay: _____

   _____

   Ang pag-ibig ay hindi: _____

   _____

2. Ano ang ibig sabihin ng Biblia sa pagsabi nito na ang pag-ibig ay mapag-pasensya o matiisin? v.4 _____

   _____

3. Kung ang pag-ibig ay "hindi mainggitin," ano ang hinahangad nito para sa iba? v.4 _____

   _____

4. Kung ang pag-ibig ay "hindi makasarili," ano ang hinahanap nito? v.5 _____

   _____

STOP *Alin sa mga katangian sa listahan ang kailangan mong higit na matutunang gawin?* _____

_____

Pag-isipan kung paanong ang mga katangiang ito ay makakaapekto sa iyo.

5. Isulat ang mga katangian ng pag-ibig mula sa 1 Corinto 13:4-7 ang sasalungat sa mga sumusunod na kamalian:

_____ Hindi ko siya mapapatawad sa ginawa niya sa akin.

_____ Bakit si Jane ay napakasikat gayong pareho lang naman kami ng mga nagawa?

_____ Hindi ko matagalan ang malilit kong kapatid, lagi nila akong iniinis..

_____ Ang asawa ko ay talunan. Hindi siya kailanman aasenso.

_____ Bakit ko kailangang tulungan si Pete kung ako mismo ay maraming dapat asikasuhin?

_____ Ang aming worship group ay mas magaling kaysa sa kanila. Lagi nga silang wala sa tono

_____ Hindi ko kailangan ang tulong ng iba para lang matapos ko ang dapat kong gawin

_____ Talaga! Pinatalsik na nila si John. Ayaw ko naman din sa kanya talaga.

_____ Sana patalsikin na nila siya para ako na ang pumalit sa pwesto niya.

_____ Naiinis ako sa lahat lahat ng ginagawa ni Martha, kahit na sa pananamit niya.

SA LINGGONG ITO

Ang mga awiting cristiano ay makapangyarihang paraan upang tulungan tayong lumago. Sa linggong ito pag-aralan mo ang mga awit na may mensahe patungkol sa pag-ibig sa mga kapwa Cristiano.



Anong direksyon ang tinatahak ng buhay mo ngayon?

Madali ang maligaw, kapag inibig natin ang mundo at kung ano ang inaalok nito imbis na ang mahalin ang ating kapwa. Ang pag-ibig ay parang compass an ibabalik tayo sa tamang landas.

. Nakikipag-away tayo sa iba kapag binigyan halaga natin ang pagtamo ng mga bagay imbis na magtayo tayo ng positibong relasyon sa mga tao.

LUMALAGONG MATATAG

Basahin ang Hebreo 11-12 at 1 Pedro 1-5 sa linggong ito (isang chapter bawat araw) .

Kabisaduhin: Juan 13:35.

"Sa pamamagitan nito ay malalaman ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad. Ito ay kung may pag-ibig kayo sa isa't isa."

PAMUMUHAY NG MAGKAKASAMA SA PAG-IBIG

6. Ang Roma 12:10 ay nagsasabi sa ating magmahalan sa isa't isa bilang magkakapatid. Ano ang binanggit pa na dapat nating gawin ayon sa huling bahagi ng talata?

   _____

7. Basahin ang Galacia 5:14-16. Sa kabila ng utos na mahalin ang kapwa, ano ang ginagawa ng iba? v.15 _____

   Ano ang ibig sabihin ni Pablo sa "nagkakagatan at nagsasakmalan"? _____

   _____

   Paano natin mapagtatagumpayan ang pagnanasa na sirain ang iba? v.16

   _____

   Tingnan ang Step 5 sa Volume 1 at magbalik-aral kung ano ang ibig sabihin ng lumakad sa Espirito.

8. Paano tayo matutulungan ng pag-ibig na mamuhay ng magkakasama? 1 Pedro 4:8

   _____

   Ipaliwanag ang kahulugan ng "ang pag-ibig ay pumapawi ng maraming kasalanan"?

   _____

Ang tunay na pag-ibig ay hindi nakakondisyon sa ginagawa ng iba.; bagkus ito ay nagmamahal sa kabila ng mga pagkakamali. Ibinigay ni Cristo ang Kanyang buhay sa mga matuwid at hindi matuwid. Ang Kanyang sakripisyo ay halimbawa kung paanong magmahal sa pamamagitan ng pagbigay ng ating mga sarili upang paglingkuran ang isa't isa.

9. Basahin ang istorya ni Pedro sa Juan 21:15-17. Kahit na pinagkaila ni Pedro si Jesus ng tatlong beses, ano ang trabahong ipinagkatiwala ni Jesus sa kanya?

   _____

10. Ibigay ang isang bagay na hindi natin dapat mahalin. 1 Juan 2:15 _____

11. Ayon sa Santiago 4:1-2, ano ang dahilan ng mga pagtatalo? _____

    _____

Ang pagmamahal sa mga bagay sa mundo ay nakakaapekto sa pagmamahalan sa isa't isa. Nakikipag-away tayo sa iba kapag binigyang halaga natin ang pagtamo ng mga bagay imbis na magtayo tayo ng positibong relasyon sa mga tao. Ano ang mga bagay na humahadlang sa pakikipag-ugnayan mo sa iba? Isulat mo sila.

_____

12. Bilang mga Cristiano, nagmamahalan tayo sa isa't isa, subalit anong klaseng pagtanggap ang inaasahan natin sa mga hindi mananampalataya? 1 Juan 3:13

    _____

    Bakit? v. 12 _____

    _____

    Maliitin man tayo ng mga hindi mananampalataya at kapootan, kailangan pa rin natin silang mahalin, ipanalangin at ibahagi sa kanila ang mabuting balita , kung paanong ginawa ito ni Jesus.

Step 4
Magpalakasan sa Isa't isa

TAMA (T) o MALI (M)

_____ *Ang pagbibigay ng panahon na kasama ang ibang mananampalataya ay dapat nag momotivate sa atin na maging mabuting tao.*

_____ *Tanging ang mga gawa lang natin, ang kailangan para magpalakasan sa isa't isa.*

_____ *Kapag ang isang tao ay dumadaan sa pagsubok, ang pinakamainam na paraan para siya ay palakasin ay ang mag ukol ng panahon sa kanya.*

"Purihin mo ako, baka hindi ako maniwala sa iyo, punahin mo ako, baka hindi kita magustuhan. Iwasan mo ako, baka hindi kita mapatawad. Palakasin mo ako, hindi kita makakalimutan." [3]

MAGPALAKASAN SA ISA'T ISA

1. Ano ang dalawang utos na matatagpuan sa 1 Tesalonica 5:11? _____ at _____.

2. Kung nais nating palakasin ang iba, kailangan lang bang sabihin sa kanya ay mga magagandang bagay kahit na ito ay hindi naman totoo? Bakit? _____
_____

3. Ano ang pangunahing layunin dapat ng pagtitipon ng mga mananampalataya? Hebreo 10:24? _____
_____

4. Sa uri ng pagpapalakasang ito, kailangan ba na mga positibong bagay lamang ang ating sasabihin? Bakit? v.25
_____

5. Ano ang dalawang utos na matatagpuan natin sa Hebreo 10:25? _____
_____

6. Kabilang sa mga pagtitipon ng mga mananampalataya ang pagdalo sa iglesya. Kasama din dito ang ating mga fellowships sa loob ng isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag, pagbisita at pagkakaroon ng "small groups". Paanong ang mga ganitong informal na pagtitipon ay makakatulong sa atin? _____
_____

Gaano tayo kadalas nakikipag fellowship sa mga mananampalataya? _____
Kausapin ang iyong pastor kung may maliit na grupo na pwede kang maging kabilang.

7. Ano ang dahilan bakit kailangang huwag nating kaligtaan ang mga pagtitipon? v.25
Ano ang "ARAW" na iyon na tinutukoy ng manunulat? v. 37 _____

PAANO TAYO MAGPAPALAKASAN SA ISA'T ISA?

8. Ano ang isang paraan na tayo ay makakapagpalakasan sa isa't isa? Kawikaan 12:25 _____

9. Ayon sa Kawikaan 18:21: _____ at _____ ay nasa kapangyarihan ng dila. Kawikaan 16:24 Ang mga salita ay makapangyarihan, kayang itaas ang ating espirito o patayin ito. Ang Kawikaan 16:24 ay nagsabing "Ang matatamis na salita ay parang pulot-pukyutan, nakakapagpasaya at nakakapagpasigla ng katawan." Tingnan ang "SALITA NG KALAKASAN" sa susunod na pahina.

10. Ang ating mga salita ay kailangang _____. Efeso 4:29

SALITA NG KALAKASAN

1. Gumamit ng mga salitang nagbibigay papuri, kalakasan, at pasasalamat tulad ng: "Good Job!", "Kaya mo yan", "Naniniwala ako sa iyo", "Ginawa mo na ang lahat, huwag mo ng isipin ang pagkakamali mo", "Salamat sa tulong mo."
2. Ituring ang iba ng may respeto at karangalan. Asahan mo ang pinakamabuti para sa iba hindi ang pinakamasama. Magtiwala sa kanila.
3. Iwasan ang magpuna, manigaw at manglait. Huwag maghanap sa perfection. Iwasan ang magaspang na pananalita ang mga birong nakakasakit at ibang mga salita na nakakapanghina para sa iba.
4. Makinig sa iba ng may pagmamalasakit habang sila ay nagsasalita. Ibigay sa kanila ang buo mong atensyon na tumitingin sa kanilang mga mata nang hindi muna iniisip paano ka tutugon sa kanila pag natapos na silang magsalita. Huwag kang sisingit, huwag kang hahatol. Alam nang iba kung ikaw ay tunay na nakikinig kapag naulit mo sa kanila ang kanilang mga hinaing.
5. Pakinggan ng seryoso ang kanilang mga takot, tulungan silang ma overcome ang kanilang mga takot.
6. Turuan silang malimitahan ang kanilang mga "hindi ko kaya"
7. Tanggapin ang kanilang mga pangarap ng seryoso.

LUMALAGONG MATATAG

Basahin Genesis 1-7
(isang chapter bawat araw)

Kabisaduhin 1 Tesalonica 5:11.

"Kaya palakasin ninyo ang loob at patatagin ang isa't isa tulad ng inyong ginawa.."

11. Magbigay ng mga salitang nagbibigay lakas at nagpapatibay sa iba:

    _____

    _____

    Magbigay ng mga salita na nagpapahina sa iba: _____

    _____

    _____

Pag-aralan ang iyong mga Salita. *Kadaasan, ang iyong mga salita ay:*

❏ *Nagpapatatag* ❏ *Mamuna at magalit* ❏ *Gumawa ng pagkakaisa*
❏ *Mang-aliw* ❏ *Magreklamo at magmaktol* ❏ *Magtsismis at manira*
❏ *Palakasin ang iba*

☞ *Tingnan ang "Salita ng Kalakasan"sa kaliwa..*

12. Ano pa ang ibang paraan na nagpapalakas sa iba? Roma 12:15

    _____

    Ang ating presensya sa tabi ng iba sa panahon ng kanilang mabigat na sitwasyon ay mahalaga kaysa ating mga sinasabi. Kung tayo ay nakikisimpatiya sa ibang tao, nakikibahagi sa kanyang kapighatian at kasiyahan, alam ng taong iyon na may nagmamalasakit sa kanya.

13. Si Pablo ay nagsulat patungkol sa "rapture" sa 1 Tesalonica 4:13-18 upang ang mga Cristiano ay magpalakasan sa isa't isa. Ito ang isa sa mga halimbawa ng Biblia kung paano natin gagamitin ang kapangyarihan ng pagpapalakasan, Ito ang kapangyarihan ng Dios. Kapag tayo ay hindi nag aral at nakinig sa Salita ng Dios pinuputol natin ang ating sarili sa pagtanggap ng kalakasan.

    Maglista ng ilang talata na nagbigay kalakasan sa iyo sa mga nakaraang araw:

    _____

    _____

14. Ano ang mga salita ng pagpapalakas ang matatagpuan natin sa mga talatang ito?

    1 Pedro 5:7 _____

    1 Juan 4:4 _____

15. Sabi sa Hebreo 4:14-16, Mayroon po bang nakakaunawa sa ating mga problema?

    _____ Ano po ang ating dapat gawin? v.16 _____

    _____

    Ang "trono ng biyaya" ay nagpapahayag ng mahabaging presensya ng Dios. Sa pamamagitan ng ating mga panalangin ay pwede tayong dumulog sa Kanya sa anumang pagkakataon dahil alam nating Siya ay naghihintay upang tayo ay pakinggan. Kahit na pakiramdam natin hindi tayo karapat-dapat. Ang Biblia ay puno ng mga talatang nagpapalakas sa atin. Samantalahin natin ang mga bagay na ito upang tayo ay lumakas at magpalakas ng iba.

Ano ang mga dapat nating ginagawa kapag tayo ay nagtitipon kasama ang ibang mga mananampalataya? Anong bahagi ng gawain ang nagpapalakas sa iyo at ano naman ang bahagi na nagpapahina sa iyo o nagbibigay frustration sa iyo? Kausapin ang iyong Pastor o mga tagapanguna upang malaman mo ano ang iyong dapat gawin para mapagtagumpayan mo ang mga kahinaang ito?

Nanghihina o dismayado ka ba; o may kakilala ka bang kailangang palakasin? Tingnan mo ang Appendix 2 sa Volume 1 na nagsasabi patungkol sa "Sino Ako kay Cristo".



Step 5
Maglingkuran sa Isa't isa

TAMA (T) o MALI (M)
_____ Ang paglilingkod ay para lamang sa may mga panahon.
_____Ang pagpapakumbaba ay kailangan sa paglilingkod.
_____Ang mga dakilang tagapanguna ay marunong maglingkod.

MAGLINGKOD O MAPAGLINGKURAN

1. Basahin ang Galacia 5:13. Malaya tayo kay Cristo subalit ang iba ay ginagamit ang kalayaang ito para magawa ang kanilang mga hilig. Inaabuso nila ang biyaya ng Dios at pagpapatawad. Ginagamit na dahilan ang kalayaan para gawin ang nais nila. Imbis na gamitin natin ang kalayaan sa maling paraan, ano ang dapat na ginagawa natin?

   _____

2. Ang mabuting balita ay hindi tayo tinawag sa pagkamakasarili kundi sa paglilingkod. Bakit? v. 14 _____

   _____

   Ang tanong ng mga tagapaglingkod: Ano ang magagawa ko para sa iba?
   Ang tanong ng mga makasarili: Ano ang magagawa ng iba para sa akin?

   Ang pag-ibig at paglilingkod ay hindi mapaghihiwalay. Ang pag-ibig ay hinihimok tayong maglingkod, at ang paglilingkod ay ipinapakita ang pag-ibig

3. Ibuod ang itinuturo ng Mateo 20:26-28 tungkol sa paglilingkod. _____

   _____

4. Ano ang magagawa natin para makamit ang pinakamainam sa buhay? Ano ang sasabihin mo sa iba na interesado lang sa sarili niyang kapakanan? _____

   _____

Ang daan sa kadakilaan ay dumadaan sa bundok



Ang makasariling tao ay iniisip lang ang kanilang sarili

Nang panahon ng rebolusyon sa Amerika, may isang lalaking nakasuot ng sibilyan ang dumaan sa grupo ng mga sundalong nag- aayos ng nasirang pangharang para sa depensa nila. Ang pinuno nila ay inuutsan sila kung ano ang gagawin nang sumisigaw pero hindi gumagawa ng anumang bagay para tulungan sila. Tinanong ng lalaki ang sumisigaw bakit hindi siya tumutulong, at buong pagmamalaki na sinagot nito na siya ay isang Korporal.

Humingi ng paumanhin ang lalaki, bumaba siya sa kabayo niya at tinulungan ang mga pagod ng sundalo. Natapos ang trabaho, kinausap ulit ng lalaki ang Korporal at sinabi sa kanya "Ginoong Korporal sa susunod po na may ipapagawa kayo sa kanilang katulad nito at kulang kayo sa tao, pumunta ka sa inyong commander in chief, at pupunta ako para tumulong ulit". Ang lalaking nakasibilyan pala ay walang iba kundi si George Washington..[4]

MATUTO SA MGA HALIMBAWA NG IBA

5. Ano ang ginawa ni Hesus sa Juan 13:3-5 _____

6. Noong panahong iyon, ang paghuhugas ng mga paa ng bisita ay trabaho ng mga katulong/alipin, ito ay trabaho ng mga taong mababa at hindi ng katulad ni Hesus na prominenteng tao noon.

   Ano ang tinuturo ni Hesus sa Kanyang mga alagad sa pamamagitan ng paghuhugas ng paa? Juan 13:14-16 _____

   _____

7. Anong ugali ang ipinakita ni Hesus na dapat nating tularan sa Filipos 2: 5-8?

   _____

   Kung si Hesus nagawa Niyang maglingkod, hindi ba natin makakayang gawin iyon?

8. Ano ang pwede nating gawin para mapaglingkuran ang iba? Fil. 2:3-4

   v. 3 _____

   v. 4 _____

PAG-ISIPAN ITO

Ang palakol ay ginagamit sa mahihirap na trabaho, kahit na ito ay pumupurol dahil sa palagiang paggamit, ito ay hinahasa ulet para magamit pa muli. Ito ay nagagamit sa layunin bakit ito nilikha.

Kapag ito ay hindi nagamit at nakatago lang sa loob ng bahay, ito ay masisira lang dahil sa kalawang.

Mas mainam pa na ang ating buhay ay igugol natin sa paglilingkod kaysa makasariling pagpapahinga na lagi nating iniisip ang ating mga kapakanan.

Maging katulad tayo ng palakol, habang ginagamit mas kapaki-pakinabang.



Ang tunay na ligaya ay mararanasan lamang sa paglilingkod para sa iba.

LUMALAGONG MATATAG

Basahin Awit 25-31
(isang chapter bawat araw) .

Kabisaduhin: Galacia 5:13.

"Ngayon mga kapatid, tinawag kayo ng Diyos upang kayo ay maging malaya. Huwag lamang ninyong gamitin ang inyong kalayaan na maging pagkakataon para sa makalamang pita. Sa halip, sa pamamagitan ng pag-ibig ay maglingkod kayo sa isa't isa."

STOP *Magbigay ng ilang halimbawa kung paano tayo magmamalasakit sa iba?*

_____

_____

9. Para kay apostol Pablo, ang pinakadakilang paglilingkod ay dalhin ang mabuting balita ng kaligtasan sa ibang tao. Roma 1:16 Ano ang matutunan natin sa mga talatang ito na makakatulong sa ating paglilingkod sa iba?

   2 Corinto 4:5 _____

   2 Corinto 6:3 _____

   _____

10. Ano pa ang ibang larawan ng tagapaglingkod ang makikita natin sa

    2 Corinto 11:29? _____

ANG PAGLILINGKOD AY HINDI MADALI SUBALIT ITO AY KAPAKI-PAKINABANG

11. Ang paglilingkod ay maaaring magugol. Sa palagay nyo bakit? 2 Corinto 6:4-8

    _____

    Para sa iba pang detalye patungkol sa mga sakripisyong ginawa ni Apostol Pablo para lang mapaglingkuran ang iba, basahin ang 2 Corinto 11:24-28 at 2 Tim.2:10.

12. Ang pagsasakripisyo ba sa paglilingkod ay nararapat? Bakit?

    2 Corinto 9:6 _____

    _____

    Hebreo 6:10 _____

13. Paano inilarawan ang paglilingkod sa 2 Corinto 8:4? _____

    _____

PAGIGING PRAKTIKAL

"Ano ang gawaing ibinigay ni Cristo sa Kanyang mga lingkod? Ang paraan ng ng paglilingkod na sinabi ni Cristo sa kanila, ay sa pamamagitan ng pagiging alipin sa mga kapwa tagapaglingkod. at ang pagiging bukal sa loob na gawin ang lahat ng bagay, anuman ang halaga nito, gaano man ito nakakasawa; o nakakawalang dignidad, para lang matulungan sila." [6]

Ang paglilingkod ay isang praktikal na gawain. Ibinabahagi natin ang ating panahon, tinatangkilik at lakas Halimbawa ng mga paglilingkod:

- Pakikinig
- Magpalakas ng iba
- Magpayo
- Pagbisita
- Mag-aliw ng iba
- Mag-aliw ng iba
- Paglinis ng damo
- Pagpintura
- Pasayahin ang iba ng nakangiti
- Paghugas ng pinggan
- Pagtawag/pag text
- Turuang magbasa ang iba
- Akayin ang mga bagong mananampalataya
- Pagtulong sa gawaing bahay
- Paglalaba, pagplantsa, pananahi
- Pag-asikaso sa mga lakarin
- Pagsama sa Doktor
- Samahan lang siya
- Paggawa sa computer para sa iba
- Turuang gumamit ng computer ang iba
- Paghahanda ng pagkain
- Magtapon ng basura
- Ibahagi ang mabuting balita
- Pagbabantay ng mga bata
- Pagtuturo
- Paglinis ng bahay

  Ipanalangin kasama sila
- Pagbabasa para sa mga hindi makabasa.
- Pagpapahiram ng aklat
- Pagkumpuni ng sirang gamit

STOP *Isipin kung paano tayo makakapaglingkod para sa linggong ito...*



Step 6
Magtiisan sa Isa't isa

Tama o Mali

_____ *Bilang mga cristiano, kailangang labanan natin ang bawat uri ng pang aabuso.*

_____ *Matutunan natin pagtiisan ang iba sa pamamagitan ng pagpapatawad sa kanila.*

_____ *Bago tayo pumuna sa iba, alalahanin nating tayo ay may mga pagkakamali/kapintasan din.*

Mamuhay kayong may buong kapakumbabaan at kaamuan na may pagtitiis. Magbatahan kayo sa isa't isa sa pag-ibig Efeso 4:2

PAMUMUHAY SA TOTOONG MUNDO

Nahihirapan ka bang mamuhay kasama ang mga nakakainis na tao sa bahay nyo o sa iglesia? Ang Efeso 4:2 ay nagtuturo sa ating matuto tayong mamuhay kasama ang iba kahit na may mga kahinaan sila. Kapag tayo ay huminto sa pagpuna sa kanilang mga kahinaan, makakapagsimula tayong sila ay matutunang mahalin

1. Paano tayo magtitiisan sa isa't isa ayon sa Kawikaan 19:11? _____
   _____

2. Ayon sa Efeso 4:2, magpaumanhinan tayo as isa't isa sa pamamagitan ng pag-uugali na may _____ , _____ at _____.
   Upang tayo ay magkaroon ng _____ sa iglesia. Efeso 4:3

3. Bakit mahalaga ang pagpapakumbaba sa pakikitungo sa iba sa kanilang kahinaan? Mateo 7:3
   _____

4. Lahat tayo ay may mga kahinaan na dapat nating pagtiisan sa isa't isa. Ano ang mga kahinaan mo na maaring nakakainis sa ibang tao? _____
   _____

5. Ano ang kinabukasang nag-iintay sa pamilya natin kung hindi tayo matututong magpaumanhinan sa ating mga kahinaan?
   _____

6. Ano ang epekto sa iyo pag nalaman mo na ang iyong asawa/magulang/anak ay hindi na kayang mamuhay kasama ka dahil sa iyong mga pangit na ugali at laging nais nilang baguhin ka?
   _____

7. Ano ang magiging epekto sa iyo kapag nalaman mo na ang iyong magulang/mga anak ay disappointed sa yo dahil mahina ka o palpak ka?
   _____

Ang Perfectionist

Kaw ba ay perfectionist o may kasama ka ba sa bahay na isang perfectionist? Pagbulay-bulay ang mga salita na nasa kanan tungkol sa epekto ng pagiging "perpekto" sa ating mga pakikipag-ugnayan sa mga tao.

8. Ang tama po bang paraan upang i motivate ang iba ay pahiyain sila kapag sila ay bumagsak/nagkamali? ay bumagsak/nagkamali? _____
   Bakit _____
   _____

Ang perfectionist ay minamaliit yung mga taong hindi pumasa sa kanilang inaasahan. Kapag nag expect tayo ng napakataas sa iba, pinabibigat natin sa kanila ang mga dalahin na hindi nila kayang pasanin.

Ang kanilang reaksyon ay maaaring galit o pagkabigo o dismaya. Dahil kahit ano man ang gawin nila lagi silang palpak kaya sila at tayo ay dismayado sa mga nangyayari.

Hindi tayo magkakaroon ng magandang relasyon sa iba hangga't hindi natin natutunang tanggapin sila sa kanilang kalagayan.

Ang kahihiyan ay maaaring may resulta pero hindi ito kadalasang nais nating mangyari. Hinihimok tayong gawin natin ang tamang bagay sa maling paraan at epektibo lang pag may ibang nagbabantay sa atin.

Tayo ba ay narito para maglingkuran o magtirahan ng talikuran?

9. Kapag tinanggap natin ang pagkakamali ng iba ibig ba sabihin hindi na sila mananagot sa mali nilang gawain? Galacia 6:1_____

   _____

10. Ang pag tiisan ba ang kahinaan ng iba ay nangangahulugang sila ay makakatakas sa mga kahihinatnan ng kanilang mga ginawa? Roma 12:17-19

    _____

11. Basahin ang Roma 15:1-2 at sagutan ang mga sumusunod na katanungan:

    ____ Tama o Mali Ang Pagpapasensya ba sa iba ay palatandaan ng kahinaan na nagpapakitang ikaw ay walang kakayahang ipagtanggol ang iyong sarili? v. 1

    Ang layunin ng pagpapaumanhinan sa iba ay _____ . v. 2

    Ang pinaka punto ng mga talatang ito ay kailangang tayo ay:

    ❏ Umalalay sa iba imbis na gawin natin kung ano ang nakikita nating mainam para sa atin lang.

    ❏ Magpaumanhin sa iba kahit na hindi natin ito gusto

    Tunay na naaapektuhan tayo dahil sa kamalian ng iba, subalit narito ba tayo para maglingkuran sa isa't isa o magpunahan sa isa't isa? _____

    _____

    Pag-isipan kung paanong ang konseptong ito ay makakapagpabago ng buhay mo.

12. Basahin ang Colosas 3:13.Upang makapagpaumanhinan sa isa't isa, kailangang tayo ay _____.

    Puede bang pagbigyan natin ang kahinaan o pagkakamali ng iba nang di sila pinapatawad? _____ Bakit? _____

    Si Cristo ay nagpatawad ng kanyang mga kaaway at nagnais tubusin ang kanilang mga kasalanan kahit na Siya ay naghihirap pa doon sa krus ng kalbaryo.

13. Ano ang mangyayari kapag pinairal natin ang ating poot o sama ng loob? Colosas 3:8

    Tayo ba ay nagiging better or bitter? _____

    _____

14. Ano pa ang mga katangian na tutulong sa atin upang mapagtiisan natin ang mga nakakainis na tao sa paligid natin? Colosas 3:12 _____

    _____

15. Sino ang nagwawagi kapag ang mga magkakapatiran ay nagtalo-talo at ipinairal ang kanilang mga saloobin?

    ❏ Wala ❏ Ang grupo na nangibabaw sa diskusyunan ❏ Satanas

    Sino naman ang nagwawagi kapag ang mga mananampalataya ay nagtiisan sa isa't isa? _____

16. Base sa ating napag-aralan ngayon, ano ang masasabi n'yo sa mga mananampalatayang naghahanap ng "perfect church"? _____

    _____

May nagsabi kay John Wesley minsan, "Hindi ako nagpapatawad at hindi ko rin nakakalimutan ang nagawa laban sa akin."

Kaya sumagot si Wesley, "Kung gano'n, sana hindi ka rin magkasala."

LUMALAGONG MATATAG

Basahin Genesis 8-14
(isang chapter bawat araw)

Kabisaduhin Efeso 4:2.

"na may lubos na kapakumbabaan at kaamuan, may pagtitiyaga, na magparaya sa isa't isa sa pag-ibig"

Step 7
Magpatawaran sa Isa't isa

TAMA (T) o MALI (M)

_____ *Ang Biblia ay nagsasabi sa atin na patawarin natin ang iba kahit na ano pa ang nagawa nila.*

_____ *Ang magkaroon ng tampo o sama ng loob sa iba ay magdudulot sa atin ng kapaitan (bitterness) sa buhay.*

_____ *Ang isang kaibigan ay pinalalampas ang anumang nakakasakit na ginagawa ng mga kaibigan niya.*

1. Ano ang dapat nating gawin kapag may hinaing/reklamo tayo sa isang kapwa ayon sa Colosas 3: 13

   _____

   Mahalaga na ating tandaan na ang pagpapatawad ay may kaugnayan sa "magtiisan sa isa't isa. Ang katuruang ito ay mahalaga upang tayo ay makapamuhay ng maayos sa iba. Kailangang tingnan natin si Cristo ang modelo ng pagpapatawad

2. Ano ang katangian ng isang kaibigan? Kawikaan 17:9 _____

   Ang "pagpapatawad ba sa pagkakamali" ay nangangahulugang "pagtakpan o balewalain ang pagkakamali"? Ang katagang "ulit ulitin ang pangyayari" ay ang pagkakalat o pag chichismis patungkol sa kasalanang nagawa ng iba o pag-alala ng nagawa o laging pinapaalala ang kanilang pagkukulang."

   Ang pangyayari sa makasalanang babae sa Juan 8:3-11 ay nagtuturo sa atin na ang pagpapatawad ay hindi nangangahulugang balewalain ang kasalanan. Kundi sa kabila ng kasalanan ay matuto tayong magpatawad at ang nagkasala ay huwag nang ulitin pa ang maling nagawa.

3. Ano ang alternatibo ng pagpapatawad ayon sa Efeso 4:31 _____

   Ang desisyon mo kung magpapatawad ka o hindi ay magpapakita ng tatahakin ng iyong buhay. May dalawa ka lang pagpipilian: Magpatawad o maging bitter. Ang paghihiganti ay magdadala lang sa atin ng matinding pagtatampo o mabigat na damdamin. Mas piliin natin na pawiin ang galit..

Pagbulay-bulay ang mga sumusunod na mga kaisipan:

"Ang magkaroon ng sama ng loob ay parang nakagat ka ng isang bubuyog." [7]

"Hindi nababago ng pagpapatawad ang nakaraan, subalit ito ay makakaapekto ng maganda sa iyong kinabukasan." [8]

Anong pamumuhay ang pipiliin mo?

❑ *Bitterness — nagkikimkim ng sama ng loob*

❑ *Kapayapaan — pagpapatawad*

4. Ang Pagpapatawad ay kaugnay ang pagiging mabait at maawain. Bakit sila lagin magkaugnay? Efeso 4:32

   _____

   Ang pagpapatawad ay resulta ng pagkakaroon ng mabait at mahabaging puso

5. Kailangan tayong _____ ng ating mga kasalanan sa isa't isa at _____ sa bawat isa. Santiago 5:16. Ang pag-amin ng ating kasalanan ay hindi madali. At ang maaaring dahilan bakit hindi natin ito ipinagtatapat ay dahil takot tayong mapagalitan o dahil sa pride at takot na mahuli o malaman ng iba ang ating nagawa.

6. Ang kritikong espirito ay nagpapahirap sa iba para magpatawad. Ano ang sinasabi ng Biblia sa mga taong mapunahin o kritiko?

   Roma 2:1 _____

   Mateo 7:1-5 _____

   Ano ang ugat na problema ng paghahatol sa iba? _____

   _____

LUMALAGONG MATATAG

Basahin
Genesis 15-21
(isang chapter bawat araw)

Kabisaduhin Efeso 4:32.

"At maging mabait kayo sa isa't isa, mga mahabagin, nagpapatawad sa isa't isa, gaya ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos kay Cristo"

MGA KWENTO NG PAGPAPATAWAD

✓ Pagkatapos ng Digmaang Sibil, binisita ni Robert E. Less ang isang babaeng taga Kentucky na nagdala sa kanya sa isang napakatanda ng puno sa harapan ng bahay nila. Siya ay umiyak ng sobra dahil ang paa at ugat nito ay nawasak ng Federal Artillery fire, tumingin siya kay Lee na umaasang magbibigay ng mga salita ng pag kondena o kahit salita man lang na sang-ayunan siya sa mga bagay na nawala sa kanya,

Pagkaraan ng panandaliang pananahimik, sinabi ni Lee "Mahal na ginang, paputol nyo na po ang punong iyan, at kalimutan na yan. Mas mainam na patawarin ang kawalan ng hustisya sa nakaraan kaysa hayaang itong manatili, at ugatan pa ng sama ng loob na siyang lalason sa kanya habang buhay. [9]

✓ May isang kwento tungkol sa mag-ama na nagkalayo sa isa't isa. Lumayas ang anak kaya hinanap siya ng kanyang ama. Ilang buwan din naghanap ang ama at hindi siya nagtagumpay. Hanggang sa isang araw, desperado na siya sa paghahanap, naglagay na siya ng anunsyo sa iba't ibang dyaryo.

Ipinalagay niya sa anunsyo: Mahal kong Paco, Makipagkita ka sa akin sa harapan ng opisina ng dyaryo sa Sabado ganap na 12:00 ng tanghali. Pinatawad ko ng lahat ng nagawa mo. Mahal kita. Ang iyong ama.

At nang Sabadong iyon, 800 na Paco ang nagpakita, naghahangad na makakuha ng kapatawaran at pag-ibig mula sa kanyang Ama." [10]

Para sa karagdagan impormasyon sa pagpapatawad. Pag-aralang muli ang step 7 at 8 sa volume 2 ng Bagong Buhay kay Cristo. www. NewLifeDiscipleship.com..

7. Sino ang may karapatang humatol sa iba? Mateo 7:5 _____

_____

Ang Biblia ay nag-uutos sa ating magpatawad sa iba anuman ang kanilang nagawa laban sa atin. Kaya pati ang ating mga kaaway ay pinapatawad din natin. Hindi ibig sabihin nito na ang nagkasala ay hindi na mananagot sa kanyang ginawa. Ang bawat isa ay may responsibilidad na gagawin.

- *Ang **"nagkasala"** ay responsableng magsisi at humingi ng tawad. At pagkatapos nito ay magsimulang mamuhay ng tama nang di na maulit ang kanyang ginawa.*
- *Ang **"pinagkasalaan"** ay responsableng magpatawad kahit pakiramdam niya ay hindi karapatdapat patawarin ang nakagawa ng masama sa kanya. , At kapag siya ay nagpatawad na nagawa niya na kung ano ang kailangan mula sa kanya at siya ay malayang makakapamuhay ng walang bitterness na mag cocontrol sa buhay niya.*

8. Anong klaseng pagkilos o pag-uugali ang dapat na makita natin sa mga anak ng Dios?

Kawikaan 24:17 _____

Kawikaan 24:29 _____

Exodo 23:4-5 _____

_____

Huminto at mag-isip ng halimbawang napapanahon katulad sa Exodo 23:4-5 na pwede mong gawin ngayon.

9. Hanggang saan/kailan tayo dapat magpatawad? Lukas 6:35-36

Ang mapagpatawad ay , at gumagawa sa kanila ng _____.

Ginagawa niya ang lahat ng ito nang walang _____ (v. 35)

Tinutularan niya ang halimbawa ng Dios na _____ (v. 36)

Ang kahabagan ay ang hindi pagpataw sa nagkasalang tao nang parusa na nararapat sa kanya (v.35).



Mga kaisipan patungkol sa Pagpapatawad

✓ Ang pagpapatawad ay hindi pareho sa paglimot sa nagawang kasalanan. Kailangan ng paglipas ng panahon para ang alaala nito ay mabura sa isipan. Subalit pagkatapos ng pagpapatawad ay hindi na dapat pag usapan o ilabas ang duming nagawa.

✓ Ito ay nangangahulugang titiigil na akong paulit-ulit ko silang paparatangan sa knilang mga nagawa, na lagi ko na lang inilalabas ang mga baho nila.

✓ Hindi ito naghahanap ng paghihiganti o pagpaparusa, dahil nauunawaan ko na ang nagkasala sa akin ay magbibigay-sulit sa Dios sa lahat ng kanyang mga ginawa.

✓ Ang pagpapatawad ay ang desisyon na alisin ang galit kahit na hindi pa ito malimutan. Ito lamang ang paraan upang maging malaya tayo sa anumang kapaitan.

✓ Ang desisyon kong magpatawad ay hindi nakasalalay sa ugali o gawi ng taong nakasakit sa akin.

✓ Kapag ang masakit na alaala ay muling nagbalik sa isipan, masasabi kong "ako ay nagpatawad na, ayoko nang mamuhay sa nakaraan

Step 8
Tanggapin ang Isa't isa

TAMA (T) o MALI (M)

_____ *Ang pagkakaisa sa iglesia ay nangangailangang tanggapin din ang mga nakakairita/nakakainis na mga tao.*

_____ *Kapag ating pinakisamahan ang mga di mananampalataya, may mga mananampalatayang Iilibakin tayo..*

_____ *Ang tanggapin ang mga makasalanan ay nangangahulugang umaayon tayo sa kanilang makasalanang pamumuhay o mga gawi.*

Ang pamilya ng Dios ay napakalaki at ito ay kinabibilangan ng iba't ibang uri ng tao. Ang iba ay mature o malago; ang iba naman ay immature o mababaw. Ang iba ay madaling pakisamahan subalit ang iba naman ay laging nagbibigay ng problema. Ang Biblia ay nagtuturo sa atin na tanggapin natin ang bawat isa. Hindi mahalaga kung sino o ano sila, Ang Dios ay naghahanap ng pagkakaisa sa mga kabilang/miembro ng Kanyang sambahayan..

PAMUMUHAY KASAMA ANG MGA NAKAKAIRITANG TAO

1. Ano ang nais ng Dios para sa Kanyang mga anak? Romans 15:5-6 _____
   _____

2. Ano ang kailangan upang tayo ay makapamuhay ng sama-sama ng may pagkakasundo? Roma 15:7
   _____
   Ang tanggapin ang iba ay nangangahulugang pati ang kanilang kahinaan o depekto ay atin ding tatanggapin..

3. Pwede ba tayong makapamili ng ating mga magiging kapatid kay Cristo? ❑ Oo ❑ Hindi
   May mga mananampalataya bang tinatrato tayo sa maling paraan? ❑ Oo ❑ Wala
   May mga mananampalataya ba sa ating kinabibilangang Iglesia na may problema sa pag uugali at kapintasan?_____
   Ano ang ipinapakiusap ni Pablo sa Roma 15:1? _____

4. Roma 15:8-9 Ang halimbawa ng mga Judio at mga Hentil Dati, ang mga Judio ay minamaliit ang mga Hentil, hindi nila ninanais na sila ay makihalubilo sa kanila, ni makipag-kamay man lang. Subalit nang tanggapin nila si Cristo, nagbago ang lahat, Pinagsama sila ng Dios sa iisang pamilya na ang tawag ay Pamilya ng Dios.

5. Basahin ang Lukas 19: 1-10 at sagutin ang mga sumusunod na tanong patungkol kay Zacheo:
   Anong reputasyon o pagkakilanlan mayroon si Zacheo? v.2, 7 _____

6. Sa kabila na si Zacheo ay hindi kagalang-galang na tao, hindi siya winalang bahala ni Hesus, Ano ang epekto kay Zacheo ng pagtanggap sa kanya ni Hesus sa kabila ng siya ay kinamumuhian ng mga nakakarami?
   v.6 _____
   v.8 _____

7. Paano sinagot ni Hesus ang mga taong tumutuligsa sa pakikisama Niya sa mga makasalanan katulad ni Zacheo? v.10
   _____

Ang Iglesia ay isang pamilya, at ito rin ay isang kanlungan para sa mga may pangangailangan o problemadong tao. Ano ang saysay ng ospital kung ang mga tinatanggap nito ay ang mga malalakas o walang sakit? Ano ang kabuluhan ng isang iglesia kung ang tinatanggap lang nito ay yung mga mabuti o may kaya? _____

Ang Lukas 15:7 ay nagsasabi ng malaking kagalakan sa langit kapag may isang makasalanang nagsisi. Ang Dios ay naghahanap at tumatanggap sa mga napapariwara. Tayo ba ay gagawa ng kaiba sa ginagawa ng Dios? Sino ang dapat na inaabot natin at tulungang maging pamilya ng Dios? ❑ *Nakakainis na tao* ❑ *Matatag* ❑ *Mahihina at immature* ❑ *Mayayaman* ❑ *Mahihirap* ❑ *Mga Adik* ❑ *Imoral na tao* ❑ *Ang mga may opinyong kaiba sa atin* ❑ *Nakakatuwang tao* ❑ *Mga taga ibang bansa at mga ibang lahi o kultura*

LUMALAGONG MATATAG

Basahin
Genesis 22-28
(isang chapter bawat araw)

Kabisaduhin Roma 15:1-2.

"Tayong malalakas ay dapat magbata ng mga kahinaan ng mga mahihina, at hindi upang bigyan ng kaluguran ang ating mga sarili. 2 Ito ay sapagkat ang bawat isa sa atin ay dapat magbigay-lugod sa ikatitibay ng kaniyang kapwa."

BAGAY NA DAPAT PAG- USAPAN

Basahin ang Lukas 7:36-50 at pag- usapan ang magkaibang saloobin ni Jesus at ng Fariseo sa babaing makasalanan.

8. Ang pagtanggap ba sa lahat ng uri ng tao ay nangangahulugang ang Iglesia ay hindi posibleng magkaroon ng pamantayan ng pamumuhay? _____
   Bakit? _____

   Ang pagtanggap sa mahihina ay hindi nangangahulugang sila ay dapat na manguna o maglikha ng pagkakawatak-watak kundi nagnanais na sila ay palakasin natin at patatagin natin. (Roma 15:1-2)

   STOP Ano ang pwede nating gawin upang ang mga uri ng taong ito ay maging bahagi sa ating Iglesia?

   ✓ Ang mga mahiyain o tahimik: _____
   _____

   ✓ Mga bisita/baguhan: _____
   _____

   ✓ Mga problemadong tao: _____
   Halimbawa: anyayahan silang magkape... ipanalangin sila

9. Ano ang problema na ipinupunto ng Santiago 2:1-4 _____
   Ano ang pwede nating matutunan sa mga talatang ito? _____
   _____
   Ano ang kaibang ipinapakita sa atin ng vs. 5-7? _____
   _____

   Kung minsan ang mga tahimik at mapagpakumbabang mga tao na hindi nagpapa-iimpress sa atin ang siya pang mas makakatulong sa atin kaysa sa mga "importan-teng tao" na pinapahalagahan natin

10. Pwede ba tayong magkaisa o magkasundo-sundo kung hindi natin tatanggapin ang lahat ng mananampalataya sa kung sino sila? _____ Efeso 4:3-4

KARAPAT-DAPAT PARANGALAN

11. Ano pa ang ibang uri ng tao na dapat nating tanggapin? Filipos 2:25, 29 _____
    Paano natin dapat pakitunguhan ang mga lingkod ng Dios? v.29 _____

STOP *Ano ang pwede nating gawin upang ating maparangalan ang mga tagapanguna ng ating Iglesia?* _____
_____

Biyaya o Legalismo?



LEGALISMO

Maraming mga mananampalataya ang nalilito at lupaypay, sila ay maaaring puno ng guilt dahil pa-kiramdam nila lagi silang pinupuna o pinag-uusapan ng mga ibang mananampalataya. Pakiramdam nila walang nagmamahal sa kanila o nahahabag sa kanila at walang tumatanggap sa kanila. Ang kanilang nararamdaman ay paghatol at malamig na pakikitungo sa kanila bunga ng kataasan at pride.

Maaaring ang Biblia ay may pamantayan ng kabanalan subalit minsan ay idinadagdag natin ang ating mga nakasanayan at mga nakalakihang tradisyon sa pamantayan ng Dios. Minsan mas madali pa sa ating i demand ang iba na sumunod sa ating mga patakaran ng ano ang pwede at ano ang mga bawal kaysa tingnan kung ano ang nasa kanilang mga puso. Maaaring ang ating mga motibo ay may sinseridad na pangalagaan ang kabanalan ng Dios. Subalit kung ito ay batayan ng ating paghahatol sa iba ito ay tinatawag na "legalismo" Hindi ibig sabihin nitong hindi na natin papansinin ang mga mali at hayaang gawin ng mga tao ang anumang bagay kahit alam nating hindi na tama ito subalit ang Biblia ay nagtuturo sa atin na magpapaalalahan at maghikayat (exhort) tayo sa isa't isa nang may kagandahang loob at kahinahunan na ibinabase ang ating pangangaral sa utos ng Dios hindi sa mga sarili nating opinyon.

Step 9
Hikayatin ang Isa't isa

Tama (T) o MALI (M)

_____ *Upang maiwasan ang problema, mas mainam pa ang wag ng mag-payo o magpaalala sa iba.*

_____ *Kung mararamdaman kong pinangungunahan ako ng Dios na i exhort ang isang tao, Kailangan ko itong sundin ng walang alintana.*

_____ *Kapag ang aking payo ay nakabase sa Salita ng Dios, nakakasiguro ako na ito ay matibay.*

HINDI TAYO PWEDENG MAGBULAG-BULAGAN

1. Ang Hebreo 3:13 ay nag-uutos sa atin na _____
   Ang "hikayatin/payuhan o exhort" ay salitang nangangahulugang panatiliin natin ang isa't isa na nakasayad ang talampakan sa lupa.

2. Kailan ang tamang oras na payuhan natin ang bawat isa? v. 13 _____

3. Kapag nagbulag-bulagan tayo at hindi tayo nanindigan laban sa isang kasalanan, hinahayaan nating madaya tayo ng kasalanan. v.13 Ano ang katangian ng isang matigas ang puso? _____

   _____

   Habang tumatagal ang panahon bago ang isang nagkasala ay ma confront sa kanilang ginawa, tumitigas na ang kanilang puso na nagiging dahilan upang sila ay maging manhid sa kasalanan. May mga tao na sensitibo at nagsisisi at may mga tao na kibit-balikat lang sila sa babala. Kukuha ng mahabang panahon sa isang matigas na puso bago magka-epekto sa kanila ang pagtatama, kaya may mga tao na nagsasabing papaalalahanan na lang sila sa ibang araw. Subalit bakit kailangan pang antayin ang bukas para lang kausapin sila sa kanilang problema.

   Bakit ba lagi tayong naghinhintay hanggang "bukas" bago natin kausapin ang iba tungkol sa kanilang mga problema?

   _____

May ipinamamalay ba sa inyo ang Dios na kausapin mo dahil alam nyong may problema/pinagdadaanan? _____

Ano ang pumipigil sa inyo? _____

May mga dahilan ba na hindi nyo ito magawa ngayon? _____

Kailangang magsagawa ng plano paano i confront at i encourage ang tao na may problema/pinagdadaanan. may problema/pinagdadaanan.

4. Tama o Mali:
   ____ Ang Exhortation ay nangangahulugang pilitin ang isang tao na magbago.
   ____ Ang pinakamainam na paraan para hikayatin ang tao ay pahiyain siya hanggang magbago siya.
   ____ Hikayatin ang iba ay nangangahulugang himukin ang iba na magbago sa kanilang pag-uugali.

Ano ang pinakamainam na paraan para pakinggan ka ng mga tao?

PAANO HIKAYATIN/PAYUHAN ANG IBA

5. Ano ang dapat na attitude natin kapag hinikayat natin ang iba na tumalikod sa pagkakasala? 1 Timoteo 5:1-2 _____

   Ang pagalitan ba sila at gulpihin ay tamang paraan para sila ay hikayatin? _____

   Kapag tayo ay nag eexhort sa iba, kailangang tratuhin natin sila nang may pag respeto. Bilang isang pamilya: Kapag kakausapin natin sila, Tanungin natin ang ating mga sarili; paano ko ninanais na ako ay tratuhin din ng taong ito.

6. Ayon sa 2 Timoteo 3:16, ang pinakamabisang paraan sa pagsaway ay _____.

MGA BAGAY NA DAPAT NATING PAG-ISIPAN

Kailangan nating lahat na gawin ang nararapat upang magpayo at manghikayat ng iba. Kailangang matuto rin tayong makinig sa iba at matuto mula sa kanilang mga payo

Ayon sa isang kasabihan sa Africa:

"Kailangan ng isang nayon para makapagpalaki ng isang bata."

Ano ang pangunahing punto ng kasabihang ito?

Ano ang implikasyon nito para sa mga iglesya ngayon?

Kailangan ko ba ang mga kapatid ko kay Cristo upang maging ako ang taong ninanais ni Cristo na maging ako?

"Siya na nagbibigay ng mabuting payo ay nagtatayo gamit ang isang kamay; siya na nagbibigay ng mabuting payo at halimbawa ay nagtatayo gamit ang parehong kamay; ngunit ang nagbibigay ng paalala at ng masamang halimbawa ay nagtatayo gamit ang isang kamay at humihila pababa gamit ang kabilang kamay," [11]



LUMALAGONG MATATAG

Basahin Genesis 29-35 (isang chapter bawat araw) .

Kabisaduhin *Hebreo 3:13*.

"Ngunit samantalang ito ay tinatawag na ngayon, hikayatin ninyo nang may katapatan araw araw ang isa't isa upang hindi patigasin ng daya ng kasalanan ang puso ng sinuman sa inyo".

Ang Biblia ay ginagamit sa _____, _____ at _____ at sa _____ sa katuwiran.

> *May mga taong nagsasabi sa atin kung ano ang gagawin natin, subalit paano natin malalaman kung ang kanyang advice ay karapat-dapat tanggapin? Kapag ginamit natin ang Salita ng Dios para magbigay payo sa iba, makakasiguro tayo na ibinabahagi natin ang karunungan ng Dios at hindi lamang ang mga sariling opinyon natin.*

7. Kaya nga ang dahilan bakit ang 2 Timoteo 4:2 ay nagsasabi sa ating _____ _____

   Kailan ang tamang panahon na gamitin natin ang Salita ng Dios sa pag-iexhort?

   _____

8. Kahit na madalas natin ginagamit ang Biblia, ang huling bahagi ng talatang 2 ay nagsasabi sa ating itama at pagsabihin sila ng may _____ _____.

   Ang kapangyarihan para mabago ang buhay ng tao ay hindi nagmumula sa ating mga salita kundi sa Salita ng Dios. Kailangan natin ang katiyagaan na ang Banal na Espirito ay gamitin ang kasulatan sa buhay ng mga tao.

9. Ang Biblia ay punong-puno ng mga salita ng paghihikayat: Ano ang mga ipinamamanhik sa atin sa aklat ng Filipos na dapat nating gawin?

   1:27 _____

   2:3-4 _____

   3:1 _____

10. Ang paghamon ay isang paraan ng paghihikayat, sa paraan na hinihimok natin ang iba sa paggawa ng isang aksyon o pagkakaroon ng isang mabuting ugali, Halimbawa, ano ang hinahamon sa atin ni Cristo na gawin ayon sa Mateo 28:19-20 _____ _____

Ano ang inaasahan mo sa iba?
Minsan umaasa tayo ng kaunti lang, Pag-isipan ang mga sumusunod:

"Pakitunguhan mo ang iba kung sino siya, at mananatili siyang ganoon. Pakitunguhan mo ang iba kung anong pwedeng maging siya at maaaring maging ganoon siya kung ano ang dapat na maging siya." [12]

Ang kabilang bahagi ng barya ay ang sobrang umasa sa iba. Kailangang iwasan nating maging masyadong demanding kapag hinahamon natin ang iba. Bakit?

_____

_____

Pagbabalik-aral TAMA O MALI

_____ Sa pangangaral dapat makonsyensya ang iba sa kanilang mga kasalanan,

_____ Ang pangangaral ay dapat natututruan ang iba paano gawin ang tama.

_____ Ang sobrang pagalitan ang iba ay ang paraan upang magbago sila.

_____ Pinakamainam na manahimik na lang para hindi makasakit ng iba.

_____ Ang ating mga payo sa iba ay dapat nakasalig sa Salita ng Dios hindi sa ating mga personal na opinyon.

_____ Dapat tayong mangaral ng may kahinahunan at paggalang.

"...Binibigyan namin ng babala at tinuturuan ang bawat tao ng lahat ng karunungan, upang maiharap naming sakdal ang bawat tao kay Cristo Jesus." Colosas 1:28

Step 10
Balaan/payuhan ang Isa't isa

TAMA (T) o MALI (M)

_____ *Pinakamainam na manahimik na lang patungkol sa kasalanan upang hindi na makapag discourage sa iba*

_____ *Kapag tayo ay nagbalaan sa isa't isa, ito ay dapat gawin nang may pag-ibig at respeto*

_____ *Ang mainam na pagsaway ay makakatulong sa iba na magpak-umbaba at tulungan silang maging matatag na Cristiano*

ANG PAGIGING TAPAT AY NAGPAPATATAG NG PAGKAKAPATIRAN

1. Basahin ang Kawikaan 24:24-26 at sagutin ang mga katanungan:

   Ano ang pagkakamali na dapat nating iwasan? v. 24 _____

   Ano ang tamang bagay na dapat gawin? v. 25-26 _____

   Ano ang mangyayari kapag ating sinita ang masamang tao sa katotohanan? v.25-26_____

2. Hubarin natin ang _____ at magsalita tayo ng _____. Efeso 4:25

   Ang pagiging tapat sa isa't isa patungkol sa kanilang kamalian ay pinakamainam na paraan upang maayos ang mga problema.; subalit ito ay nangangailang ng katapangan sapagkat hindi lahat ay nagnanais na marinig ang katotohanan Ang pagsasalita ng tuwiran ay mahirap subalit ito ay para sa ikakabuti ng isa't isa.

3. Ang tapat sa _____ sa bandang huli'y pasasalamatan, kaysa sa taong panay ang _____ kahit hindi nararapat. Kawikaan 28:23

   Bakit mas pinipili natin ang papuri kaysa pagsaway? _____

4. Paano tayo dapat tumugon kapag may mga nag confront sa atin ng kasalanan natin? Kawikaan 28:13

   _____ at _____

   Ang pagtakip sa mga problema/kasalanan ay tiyak na magdudulot sa atin ng pagkabagsak. Sa kabila nito, ang mga humaharap sa problema/kasalanan ng may katapatan at pagsisisi ay makakatanggap ng pagpapatawad at magkakaroon ng tagumpay laban sa kahinaan.

5. Ang layunin ng pagbigay babala ay _____ Colosas 1:28
   Ang marangal na layuning ito ang dapat mag motivate sa atin upang magpatuloy, at magtiwala sa Dios na baguhin tayo. v. 29

PAANO NATIN BABALAAN ANG IBA?

6. Ang turuan ang iba kinakailangang tayo ay puno ng _____ at _____ . Roma 15:14

   Saan maihahalintulad ang pagtuturo ng walang kabutihan? _____

   Saan maihahalintulad ang pagtuturo ng walang kaalaman? _____

   Kung walang kaalaman tayo ay makakapanakit lang. Kailangan natin ang kaalamang batay sa Salita ng Dios at karunungan sa sitwasyon upang tayo ay maging epektibo sa pagbabala sa iba.

7. Ang Santiago 1:19 ay sinasabihan tayong maging maagap sa _____ mahinahon sa _____ at hindi madaling _____. Madalas nang mangyari na nakikinig tayo sa iba ng hindi buo. at sinisingitan natin sila ng ating mga payo at pagpapaalala, nang hindi tayo nagbigay ng pagkakataong unawain ang sitwasyon. Hindi na tayo dapat na susurpresa kapag ang taong iyon ay tumanggi ng makinig sa ating mga payo sapagkat naramdaman niyang ayaw natin talagang makinig o tayo ay nabalitaan ng mali.

8. Sa 1 Corinto 4:14, Si Pablo ay hindi sumulat sa mga taga Corinto upang _____ sila kundi bigyan sila ng _____ bilang mga _____. Ang pagbabala ay nangangailangan ng katatagan hindi kagaspangan. Ang paghiya sa ibang tao sa publiko ay magdudulot ng pagtanggi o pag rebelde kaysa pagsisisi.

Ang pagpapahiya sa iba ay maaring magdulot ng pagtanggi o pagrebelde imbis na magsisi.

PAG-ISIPAN ANG MGA BAGAY NA ITO

Magbigay ng mga seryosong kasalanan na nararapat magbabala Titus 3:10

Gaano ka seryoso ang kasalanan ng pagiging "trouble-maker"? v.10-11

Ano ang mga taktika na Ginagamit ng mga nanggugulo

Paano tayo makakapagbigay babala sa iba (Roma 15:14) nang walang paghahatol? Roma 14:13

Siya na nagbibigay babala ay nangangailangang gawin ito ng may kabutihan at kaalaman. (Rom.14-13) Ang pinakahigit na mahalaga ay kailangang tingnan muna ang sarili kung nararapat silang punahin ang iba. (Lk. 6:41-42)



LUMALAGONG MATATAG

Basahin
Genesis 36-42
(one chapter a day).

Kabisaduhin: Galacia 6:1.

"Mga kapatid, kapag natagpuan ang isang tao sa pagsalangsang, kayong mga taong sumusunod sa Espiritu ang magpanumbalik sa kaniya sa espiritu ng kaamuan. Ngunit mag-ingat kayo sa inyong sarili na baka kayo naman ay matukso."

Basahin ang Galacia 6:1-2 at sagutan ang mga sumusunod:

9. Ano ang katangian ng tao na nararapat na mag restore ng iba? _____

10. Sa anong espirito dapat tayo magpanumbalik ng mga nagkasala?

    _____

    Paano mababago ang kahulugan ng verse 1 kung papalitan natin ng "parusahan" o "pagalitan" ang salitang "panumbalikin o restore"? _____

    _____

11. Ano ang iba pang babala na matatagpuan natin sa katapusan ng v.1 at v. 3?

    _____

    Kahit ang mga makadiyos ay maaring matukso kaya walang sinumang pwedeng magmalaki. Tanging ang Dios lamang ang makakapag-ingat sa atin mula sa pagkabagsak.

12. Ang isang bahagi ng pagrerestore ay _____ v.2
    Ang mga kabigatan na ating pinapasan ay hindi ang mga normal na pasanin na responsabilidad nating harapin para sa ating mga sarili. Ang mga pasanin ito ay ang mga pagsubok na dinudurog tayo. Kailangan natin ang tulong ng iba upang ito ay maipasa natin. (v. 5)

13 Mateo 18:15-17 ay nagpapakita sa atin ng isang modelo na kung paano natin kakaharapin ang tao na nagkasala sa atin. Ano ang mga 3 hakbang na dapat na ating gawinat sundin?

    v.15 _____

    v.16 _____

    v.17 _____

    STOP *Alin sa mga hakbang na ito ang pinakamahirap para sa iyo?* _____
    Gaano kadalas mo ginagamit ang mga hakbang na ito para kausapin ang mga nakasakit sa iyo? ❑ *Palagi* ❑ *Madalas* ❑ *Bihira* ❑ *Hindi kailanman*

14. Bakit mahalaga na kausapin muna natin ng sarilinan ang nagkasala. _____

    _____

    Mas mainam bang isantabi muna ang unang mga paraan at laktawan ang unang hakbang at ibahagi na lang ito sa iba para mapag-usapan?

15. Bakit kailangan na natin ng mga saksi sa Step 2? _____

    _____

16. Ano ang kahihinatnan ng mga taong tumatanggi sa payo ng ating iglesia?

    _____

    Ang pakitunguhan ang iba na parang mga pagano at mga maniningil ng mga buwis, ay ang tratuhin lang silang parang mga hindi mananampalataya na nangangailangang magpakumbabasa Dios.

REVIEW: Tama o Mali

_____ Ang pagalitan ng sobra ang iba ay maitutuwid siya.
_____ Hindi tayo dapat sumusuway ng ating kapwa kundi dapat ay tanggapin natin sila.
_____ Ang pagpapaalala ay kinakailangang nakabase sa kabutihan
_____ Ang ipahiya ang iba ay maglalayo sa kanya sa kasalanan.
_____ Marami ang nanghuhusga agad ng hindi muna inaalam ang lahat ng pangyayari.
_____ Kapag nagsalita tayo ng mahinahon sa iba, hindi nila mauunawaan ang bigat ng kanilang kasalanan.
_____ Abg unang hakbang na balaan ang iba ay dumirecho sa kanila bago sa iglesia.
_____ Mahalaga na saliksikin muna natin ang ating sarili bago humatol sa iba.



Step 11
Magmagandang-loob sa Isa't isa

TAMA O MALI

_____ *Ang Iglesia ay lugar kung saan tayo ay bumubuo ng relasyon sa ibang mga mananampalataya, hindi lang tumanggap ng mga pagtuturo.*

_____ *Ang ating mga salita ay nakakapagpalakas sa iba*

_____ *Maraming mananampalataya ang naghahangad na mapalapit sa ibang mananampalataya*

MAGBATIAN SA ISA'T ISA

1. Ano ang magandang kaugalian ang inilahad sa Roma 16:16? _____

   _____

   Ang "banal na halik" ay paraan ng mga mananampalataya upang magbatian noong panahon ng New Testament. Maaring iba iba ang paraan ng pagbabatian sa iba't ibang kultura, ang "banal na halik" ay mainit na pagbati, personal at makatotohanan at dapat nararapat (banal).

2. Kung titingnan sa Colosas 4:7-18 hindi ito mahalaga pero pag ito ay pinagbulay-bulayan makikita natin ang liwanag kung paano ang mga Cristiano ay dapat nagtuturingan sa isa't isa. Sagutin ang mga katanungan base sa mga talata:

   Ano ang nilalaman ng mga talata? _____

   _____

3. Bakit kaya sinama ang mga talatang ito sa biblia? Ano ang matututunan natin sa mga ito? _____

   _____

4. Pag isipan ang mga talata at magpasya kung ang mga sumusunod ay Tama o Mali:

   _____ Si Pablo ay tunay na nagmamahal sa mga mananampalataya sa Colosas.

   _____ Ang mga pagbati ay paggalang lamang, at maaaring mapag-imbabaw

   _____ Mahirap para kay Pablo makaalala ng mga pangalan ng tao.

   _____ Si Pablo ay may malalim na relasyon sa sa mga Cristianong kanyang Pinagpapastoran sa Colosas.

   _____ Pinahalagahan ni Pablo ang pagtuturo ng Biblia nang hindi nagkakaroon ng personal na kaugnayan sa buhay ng kanyang mga tinuturuan.

   _____ Mas ninais ni Pablo na mag-isa dahil maigsi ang kanyang pasensya sa iba.

   _____ Ginamit ni Pablo ang mga pagbating ito upang magsimula ng pagpapalakasan sa mga mananampalataya

5. Isulat ang mga nagpapalakas na mga salita na ginamit ni Pablo sa mga pagbati niya.

   v. 7 _____

   v. 9 _____

   v.11 _____

   v. 12 _____

   v. 14 _____

STOP *Ano ang sinasabi ng iba tungkol sa iyo? Ikaw ba ay madaling lapitan at palakaibigan o matigas at malamig?*
Bigyang halaga mo ang iyong sarili sa antas ng 1 -5 Malamig 1 2 3 4 5 Palakaibigan



"May mga taong aabusuhin ang iyong kagandahang loob; kaya maging matalino sa pag-gamit nito." Pag-isipan ang kawikaan sa Swahili sa Africa:.

"Pakitunguhan ang iyong bisita na bisita sa loob ng 2 araw; sa ikatlong araw bigyan mo na siya ng asarol."



LUMALAGONG MATATAG

Basahin Genesis 43-50
(isang chapter bawat araw) .

Kabisaduhin 1 Pedro 4:9.

"Mga magpatuloy kayo sa isa't isa nang hindi mabigat sa loob."

PAGBIBIGAY NG KAGANDAHANG-LOOB

6. Ayon sa 1 Pedro 4:9 _____ tayo sa isa't isa nang hindi _____ sa loob.

   Maaaring tinatrato natin ng ayos ang iba subalit ang ating facial expressions ay nagpapahayag kung ang ating kagandahang-loob ay tunay o hindi.

7. Ano ang tunay na "hospitality/mabuting pakikitungo sa iba"? Upang masagot ang katanungang ito, isipin natin ang mga sumusunod na mga salita at mag desisyon tayo kung ito ay totoo o mali:

   _____ Ang "hospitality" ay nangangailangang ikaw ay magaling magt-impla ng kape.

   _____ Ang "hospitality" ay ang kakayahang maramdaman ng iba na sila ay komportable na kasama ka.

   _____ Mahalaga na may maganda kang tirahan upang maging at-home ang iyong mga bisita.

   _____ Ang "hospitality" ay nagmumula sa puso. Ito ay paraan ng ng pag express ng pag-ibig para sa iba.

   _____ Ang mga "hospitable" na tao ay tumatanggap sa mga bisita ng walang pag-aasam sa pabor na makukuha nila sa kanilang mga bisita.

   _____ Ang "hospitality" ay nangangailangan ng mapagbigay na espirito ngunit hindi nangangailangang gumastos ng napakalaking pera.

   _____ Tanggapin natin o hindi, kailangan nating maging "hospitable".

   _____ Ang pagiging "hospitable ay nangangahulugang lagi ka na lang mag iimbita ng mga bisita sa inyong tahanan.

8. Maraming mga tao ang nabubuhay ng malungkot sapagkat maaaring wala silang pamilya o mga kaibigan. May mga pagkakataong kahit nga ang mga may maraming kaibigan ay nangangailangan ng personal na pag-abot ng iba sa kanila. Ito ang dahilan kung bakit ang "hospitality" ay mahalaga sapagkat ito ay tumutulong sa iba na maramdaman nilang may nagmamalasakit sa kanila. Maaaring sila ay tumungo sa Church dahil kailangan nila ang Dios subalit huwag nating kaligtaan na kailangan din nila na magkaroon ng mga kaibigan o personal na pakikipag-ugnayan sa mga kapatiran.

Paano tinatanggap ang mga bisita sa Iglesia?

Bigyang halaga mo ang iyong sarili sa antas ng 1 -5

Malamig 1 2 3 4 5 Palakaibigan



Isulat ang ilang paraan na magiging komportable ang mga bisita at mararamdaman nilang sila ay malugod na tinatanggap sa iglesia.

_____

_____

_____

_____

_____

_____

Quotes

1. 6000 Sermon Illustrations, ed. Elon Foster (Grand Rapids, MI: Baker Book House), 1992 p. 309
2. Albert Schweitzer
3. William Arthur Ward
4. *Today in the Word, March 6 1991*
5. Albert Schweitzer
6. James Packer in Your Father Loves You, Harold Shaw Publishers, 1986
7. William Walton
8. Paul Boese
9. Lee: The Last Years, by Charles Bracelen Flood
10. *Bits & Pieces*, October 15, 1992, p. 13
11. Francis Bacon
12. Goethe
13. Arnold H. Glasow

Appendix 1

Gupitin ito sa linya. Dalhin lagi ang mga card na ito at sauluhin ang mga talata.

1 Tesalonica 5:11 Step 4

"Kaya palakasin ninyo ang loob at patatagin ang isa't isa tulad ng inyong ginawa.."

Roma 15:1-2 Step 8

"Tayong malalakas ay dapat magbata ng mga kahinaan ng mga mahihina, at hindi upang bigyan ng kaluguran ang ating mga sarili. 2 Ito ay sapagkat ang bawat isa sa atin ay dapat magbigay-lugod sa ikatitibay ng kaniyang kapwa."

Juan 13:35 Step 3

"Sa pamamagitan nito ay malalaman ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad. Ito ay kung may pag-ibig kayo sa isa't isa."

Efesio 4:32 Step 7

"At maging mabait kayo sa isa't isa, mga mahabagin, nagpapatawad sa isa't isa, gaya ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos kay Cristo"

1 Pedro 4:9 Step 11

"Mga magpatuloy kayo sa isa't isa nang hindi mabigat sa loob."

1 Juan 3:16 Step 2

"Sa ganitong paraan ay nakilala natin ang pag-ibig ng Diyos sapagkat inialay na ni Jesus ang kaniyang buhay para sa atin. Kaya dapat din naman na ialay natin ang ating mga buhay para sa mga kapatiran."

Efesio 4:2 Step 6

"na may lubos na kapakumbabaan at kaamuan, may pagtitiyaga, na magparaya sa

Galacia 6:1 Step 10

"Mga kapatid, kapag natagpuan ang isang tao sa pag-salangsang, kayong mga taong sumusunod sa Espiritu ang magpanumbalik sa kaniya sa espiritu ng kaamuan. Ngunit mag-ingat kayo sa inyong sarili na baka kayo naman ay matukso."

Lukas 6:31 Step 1

"Gawin mo sa iba ang nais mong gawin nila sa iyo."

Galacia 5:13 Step 5

"Ngayon mga kapatid, tinawag kayo ng Diyos upang kayo ay maging malaya. Huwag lamang ninyong gamitin ang inyong kalayaan na maging pagkakataon para sa makalamang pita. Sa halip, sa pamamagitan ng pag-ibig ay maglingkod kayo sa isa't isa."

Hebreo 3:13 Step 9

"Ngunit samantalang ito ay tinatawag na ngayon, hikayatin ninyo nang may katapatan araw araw ang isa't isa upang hindi patigasin ng daya ng kasalanan ang puso ng sinuman sa inyo".

Katibayan

Ang certipikong ito ay ipinagkakaloob kay

_____

Na malugod na nakumpleto ang lahat ng aralin sa kursong

Bagong Buhay Kay Cristo Volume 3

Pamumuhay nang magkakasama sa isa't-isa



"Gawin ninyo sa inyong kapwa ang gusto ninyong gawin nila sa inyo.."
Lukas 6:31

_____ _____

Pastor o Guro Petsa